O Allāh, kung paano Mong pinaganda ang pagkalikha sa akin, pagandahin mo ang kaasalan ko.

Ayon kay `Abdullāh bin Mas`ūd, malugod si Allāh sa kanya: "O Allāh, kung paano Mong pinaganda ang pagkalikha sa akin, pagandahin mo ang kaasalan ko."
[Tumpak] [Isinaysay ito ni Imām Aḥmad]

Kailangan sa tao na humiling kay Allāh, kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan, na kung paano Niyang pinaganda ang panlabas na anyo nito, hinusayan iyan, at nilubos iyan, ay na pagandahin Niya ang panloob na anyo nito at pagkalooban Niya ito ng mga marangal na kaasalang ikalulubos ng pagkatao nito at ikadadalisay ng panloob nito.

http://sunnah.global/hadeeth/tl/show/5491